Health First COLORADO
Colorado's Medicaid Program

July 1, 2025

Bagong Programa sa Individual In-Reach

Mahal na Residente ng Pasilidad ng Dalubhasang Pangangalaga,

Ang Health First Colorado (Programa ng Medicaid ng Colorado) ay nais mapabuti ang paraan ng pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga opsyon para sa pamumuhay sa komunidad. Layunin naming matiyak na ang mga miyembro ng Health First Colorado na kasalukuyang naninirahan sa mga pasilidad ng pag-aalaga ay lubos na maipaalam sa lahat ng kanilang opsyon kung nais nilang lumipat mula sa pasilidad.

Bilang tulong para dito, magsisimula ang Individual In-Reach sa ika-1 ng Hulyo. Ito ay isang pagkakataon para sa iyo na mas malaman pa ang tungkol sa iyong mga opsyon sa paglipat sa pamayanan.

Ilan sa mga mahahalagang impormasyon tungkol sa Individual In-Reach:

- Ang Individual In-Reach ay opsyonal. **Hindi** mo kailangang gawin ito kung ayaw mo.
- Kung interesado kang lumipat, maaaring may pagkakataon kang manirahan sa ibang lugar sa pamayanan, gaya ng:
    - sarili mong apartment o bahay
    - isang Pasilidad ng Assisted Living
    - isang Pasilidad ng Independent Living
    - maaaring may iba pang opsyon na available din
- Hinihikayat ka naming ibahagi ang impormasyong ito sa mga taong sumusuporta sa iyo.
    - Kung ikaw ay may tagapangalaga o conservator, kailangang kasama siya sa proseso.
- Maaaring magbigay ang Individual In-Reach ng personalisadong impormasyon tungkol sa mga benepisyo at serbisyo na maaari mong matanggap.
- Pakitandaan na walang serbisyong o paglipat na garantisado.

Magsisimulang makipag-ugnayan ang mga In-Reach Counselor sa mga miyembrong naninirahan sa mga pasilidad ng pag-aalaga sa Hulyo 2025 upang alamin kung interesado silang matuto pa. Kung nais mong mas maagang simulan ang proseso, pakipunan ang referral form sa likod ng liham na ito, o gamitin ang QR code sa ibaba upang punan ang form online. Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang In-Reach Counselor sa loob ng 10 araw ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang HealthFirstColorado.com/transition-services.

Lubos na gumagalang,

In-Reach Team
Telepono: 303-866-5499
Email: hcpf_clo_inreach@state.co.us

Form ng Kahilingan para sa Paglipat mula Medicaid patungong Pamayanan
hcpf.jotformgov.com/241226870607052

Punan ang form na ito upang makakonekta sa isang tao na maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa Paglipat sa Pamayanan.

Maaaring magsumite ng referral ang mga residente, tagapangalaga, may kapangyarihan sa pamamagitan ng Power of Attorney, o sinumang kasapi ng pamayanan.

Website para sa mga Serbisyo ng Paglipat
hfcgo.com/transition-services

Impormasyon tungkol sa proseso ng Paglipat sa Pamayanan at mga maaaring available na mapagkukunan.